Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang nagpakatuto ng Qur'ān at nagturo nito."}

Ayon kay `Uthmān (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang pinakamabuti sa inyo ay ang sinumang nagpakatuto ng Qur'ān at nagturo nito."}
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Al-Bukhārīy]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang pinakamainam sa mga Muslim at ang pinakamataas sa kanila sa ganang kay Allāh sa antas ay ang sinumang nagpakatuto ng Qur'ān sa pagbigkas, sa pagsasaulo, sa pagtutumpak ng pagbigkas, sa pag-unawa, at pagpapakahulugan; at nagturo sa iba ng taglay niya mula sa mga kaalaman sa Qur'ān kasama ng paggawa niya ayon dito.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5913